



CrossCheck

CrossCheck by Paul Adams
www.crosscheck.org.uk

Copyright © 1992, 1997, 2000, 2007, 2010, 2015, 2016, 2017 Paul Adams

Design and typesetting by Ben Desmond
www.bendesmond.com

First Published in 2008 by **BeaconLight**
books@beaconlight.info
www.beaconlight.info

ISBN 978-1-906526-20-7

Scripture and additional materials quoted are from the Good News Bible © 1994 published by The Bible Societies/HarperCollins Publishers Ltd., UK Good News Bible © American Bible Society 1966, 1971, 1976, 1992. Used with permission.

Welcome to CrossCheck

Ang tao ay may pagnanais na malaman kung ok ba sila sa Diyos.

Sa kabila nang lahat ng kasiyahan, gawain at tagumpay (at ilang pighati), marami ang nakadarama na meron pang higit sa karaniwang buhay - ang kamangha-manghang kaalaman na ang Diyos ay maari nating maging kaibigan.

Ito ang mabuting balita. Maari mo nang makilala ang Diyos!, maranasan ang kanyang pag-ibig, kapatawaran at kapayapaan. Hindi lang iyan posible - Ninanais nang Diyos na ikaw ay maging kaibigan niya.

Sa paggamit ng CrossCheck, madali nang makita kung paano at kung bakit magkakaroon nang tamang ugnayan sa Diyos sa pamamagitan ni Hesus.

Marami nang nakatagpo na ang paliwanag nito ay kapaki-pakinabang. At sila ay nagtiwala kay Jesus.

Sinabi ng Diyos na may nakahihigit pa sa karaniwang buhay. Ito ay ninanais Niyang makamtan mo.

[Ang unang bahagi ng babasahing ito ay ang pagsasalaysay ng kwento.](#)

[Ang ikalawang bahagi naman ay makatutulong sa pag CrossCheck mo.](#)

Bakit hindi mo ito basahin nang may bukas na isipan?

Una

Ang Diyos ay hari- suot Niya ang Korona. Taglay Niya lahat ang kapangyarihan at pamamahala, kaya sa pamamagitan lamang ng salita, Siya ay lumikha.

Nagsalita Siya mula sa kawalan at nilikha ang araw, buwan, bituin at itong mundo, at tayo - lalaki at babae... upang manahan at mamahala sa mundo para sa Kanya.

Noong nilikha ng Diyos ang tao, gumawa Siya ng malinaw at bukas na daan. Ito ang ugnayan ng Diyos at tao dahil nais niya tayong maging kaibigan.

Pinayuhan sila ng Diyos sa pangangasiwa sa

mundo. Higit sa lahat ng ito ay ang pagiging tunay na kaibigan nang Diyos at hindi alipin.

At nang makita ng Diyos ang kanyang mga likha, kasama ang babae at lalaki, siya ay nagsabi na itong lahat ay “Napakaganda!”

Nakita mo na. May gagampanan ka sa sandaigdigan. Basahin ang [Genesis 1:26-27](#).

Genesis 1 v 26-27

²⁶ At sinabi ng Dios, Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis: at magkaroon sila ng kapangyarihan sa mga isda sa dagat, at sa mga ibon sa himpapawid, at sa mga hayop, at sa buong lupa, at sa bawa't umuusad, na nagsisiusad sa ibabaw ng lupa.

²⁷ At nilalang ng Dios ang tao ayon sa kaniyang sariling larawan, ayon sa larawan ng Dios siya nilalang; nilalang niya sila na lalake at babae.



Ikalawa

Dahil ang Diyos ay hari, gumawa Siya ng mga tuntunin, ngunit hindi nagtagal, ang tao ay sumalungat sa Kanya: “Hindi, Ako ang masusunod sa mundo, ayon sa kagustuhan ko”

Hanggang ngayon, ito pa rin ang pinakamalaking suliranin ng mundo. Ang pagiging makasarili at pagmamayabang ng tao.

Kasalanan ang hadlang sa kaugnayan ng Diyos sa tao. Ang kasalanan ang nagbukod sa atin sa pag-ibig ng Diyos. Mababasa sa Isaias 59-1-2.

Ang tao ay nagpasiyang maging hari nang kanyang sariling buhay at hindi magpasakop sa Diyos. Tayo ang pumili at nagpasiya na maging hari ng ating buhay.

Ang bunga nito ay ang pagkaputol ng ating ugnayan sa Diyos. Hindi na natin lubusang maunawaan ang kanyang mga salita. Dahil dito,

hindi natin makita ang plano ng Diyos sa mundo at kung paano mamahala sa kanyang mga nilikha.

Sinisikap natin ang kahusayan at kabutihan, ngunit dahil hindi natin naunawaan ang plano ng Diyos, tayo - tayo rin ang dumadagdag sa gulo ng ating mundo.

Walang sinumang matuwid. Tayo ay hiwalay sa Diyos hanggang kamatayan ng ating lupang katawan. Pagkatapos, hahatulan ng Diyos ang ating mga kasalanan.

Basahin [Hebreo 9 v 27](#)

Isaias 59 v 1-2

¹ Narito, ang kamay ng Panginoon ay hindi umiksi, na di makapagligtas; ni hindi man mahina ang kaniyang pakinig, na di makarinig.

² Kundi pinapaghiwalay ng inyong mga kasamaan kayo at ang inyong Dios, at ang inyong mga kasalanan ay siyang nagpakubli ng kaniyang mukha sa inyo, upang siya’y huwag makinig.”

Hebreo 9 v 27

²⁷ Itinakda sa mga tao na silay min-sang mamatay at pagkatapos ay ang paghuhukom.



KASALANAN



Ikatlo

Mahal ng Diyos ang lahat ng kanyang nilikha.

Kamangha-mangha na mahal pa rin ng Diyos ang tao sa kabila ng kanyang pagsuway, pagiging makasarili at pagkukulang upang mamuhay ng matuwid.

Mahal na mahal tayo ng Diyos, ayaw niya na tayo ay magdusa sa huling paghuhukom. Ang Diyos ay nababagabag dahil sa ating mga kasalanan na naghihiwalay sa atin sa kanyang pagmamahal. Alam ng Diyos na kung walang tulong na nagmumula sa labas, nakatakda tayong humarap sa walang hanggang kamatayan.

Bago pa nilikha ng Diyos ang mundo at bago pa nagkasala ang tao, naghanda na ang Diyos ng plano.

Ang kanyang plano ay isugo si Hesus (ang Diyos sa katawan ng tao) na maging tao, nang sa gayon ay maibalik ang sangkatauhan sa Diyos.

Basahin [Juan3:16](#)

Ang pambihirang kaganapan na si Hesus ay nagkatawang tao ay mababasa sa [1 Pedro 2:24](#).

Nakita mo, nang mamatay si Hesus, inako niya ang responsibilidad ng lahat ng ating mga kasalanan (tinubos Niya tayo sa pamamagitan ng kanyang sarili) Inako ni Hesus ang kasalanan ng bawat isa, kasalanan sa nakaraan, sa ngayon at sa hinaharap.

Siya ay nagdurusa para sa atin.

Bilang Diyos, wala siyang kasalanan na dapat bayaran kung kaya't ang kanyang kamatayan ang kabayaran ng ating mga kasalanan na dapat nating pagbayaran..


Piniling gawin ni Hesus ito dahil sa pagmamahal niya sa atin.

Juan 3 v 16

¹⁶ Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.

1 Pedro 2 v 24

²⁴ Na siya rin ang nagdala ng ating mga kasalanan sa kaniyang katawan sa ibabaw ng kahoy, upang pag-kamatay natin sa mga kasalanan, ay mangabuhay tayo sa katuwiran; na dahil sa kaniyang mga sugat ay nangagsigaling kayo.



Ikaapat

Iyong nalalaman na si Hesus ay hindi nanatiling patay. Siya ay nabuhay muli mula sa kamatayan (dahil dito nagkaroon ng sapat na katubusan ang ating mga kasalanan na nagpatibay na Siya ang Diyos na makatarungan).

Nang mabuhay muli si Hesus mula sa kamatayan, iniwan niyang walang laman ang krus. Sa unang pagkakataon mula pa sa paglikha ng mundo, isang bagong ugnayan ang nagbukas sa pagitan nang Diyos at tao – ito ang sadyang pakay ng Diyos.

Ang layunin nang Diyos ay mamuhay tayo nang naaayon sa Kanya at sa Kanyang mga utos. Ngunit ngayon, mayroon tayong bukod-tanging pananagutan dahil ibinigay ni Hesus ang Kanyang buhay para sa atin. Basahin sa [2 Cor. 5:15](#).

Sa kabila ng lahat na nagawa ni Hesus, ang karamihan ay nagpupumilit na magsuot ng kanilang mga sariling korona. Namumuhay sila na para bang hindi namatay si Hesus.

Ang nananatiling sumusuway sa Diyos ay mahahadlangan sa masayang pagkakaibigan nang Diyos. Hindi nila alam kung paano gumawa ng tama. Kaya mananatili silang harap sa paghatol ng Diyos.


Kaya ang lahat ay may pananagutan sa kani-kanilang gawain. Lalo na kung nagpapatuloy parin sila sa pagsuway sa kabila ng inalay na pagpapatawad. Nasasabi ito sa [Gawa 17:30-31](#).

2 Cor. 5 v 15

¹⁵ Namatay siya para sa lahat upang ang mga nabubuhay ngayon ay huwag ng mabuhay para sa sarili kundi para kay Kristo na namatay at muling nabuhay para sa kanila

Gawa 17 v 30 & 31

³⁰ Sa mga nag-daang panahon ay hindi pinansin ng Diyos ang di pagkakilala sa Kanya ng mga tao, ngunit ngayon ay iniutos niya sa lahat ng tao sa bawat lugar na magsisi't talikuran ang kanilang masamang pamumuhay. ³¹ Sapagkat itinakda na niya ang araw ng paghuhukom sa sanlibutan, at ito'y buong katarungan Niyang gagawin sa pamamagitan ng isang tao na Kanyang hinirang. Pinatunayan Niya ito sa lahat nang ang taong iyon ay Kanyang muling binuhay.



Ikalima

Ang nais ng Diyos para sa lahat ay bagong buhay na nanggaling sa Kanya. Nagbukas Siya ng bagong ugnayan sa pamamagitan ng pagkamatay ni Hesus sa krus. Sa paanan ng krus, para bang may bukas na pintuan, at ito ay patungo sa ating buhay. Basahin [Pahayag 3:20](#).

Si Hesus ay nakatayo sa labas ng pintuan ng ating puso, kumakatok Siya upang makapasok. Kung pagbubuksan natin siya, pangako niyang papasok siya sa ating buhay. Siya ay mananahan sa atin (at kasalo natin).

Ito ay hindi lamang maringal na hapunan, ngunit isang pagkakatiwalaang kasunduan. Pinangako niya (ang sakripisyo ni Hesus ay sapat na kabayaran) na patawarin ang lahat ng ating mga kasalanan. Ang Diyos ay para bang nagpaskil ng isang tanda at ito ay nagsasabing, Diyos ang bagong mamamahala.

Sa kasunduan ay, “Diyos at ang mga anak,” dahil sa sinabi ni Hesus sa [Juan 1:12](#).

Ang pagpasok ni Hesus sa pamamagitan ng Banal na Espiritu sa buhay ng tao ay hindi parang isang sumasakop na robot, kundi katuwang natin si Hesus sa gawain ng Diyos Ama. Samakatuwid, tayo ay nakababatang katuwang ng Diyos.

Tayo pa rin ang mamamahala sa ating pang-araw-araw na buhay. Ito ay ating responsibilidad, ngunit ginagabayan tayo sa pamamagitan ng Kanyang panuntunan at kapangyarihan.

Nangako si Hesus na siya ay palaging kasama natin ayon sa [Mateo 28:20](#).

Pahayag 3 v 20

²⁰ Tignan mo! Nakatayo ako at kuam-akatok sa pintuan. Kung diringgin ninuman ang aking tinig at bubuksan ang pinto, papasok ako at kakain akong kasalo niya.

Juan 1 v 12

¹² Datapuwa’t ang lahat ng sa kaniya’y nagsitanggap, ay pinagkalooban Niya sila ng karapatang maging mga anak ng Dios, sa makatuwid baga’y ang mga nagsisisampalataya sa kaniyang pangalan:

Mateo 28 v 20

²⁰ Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo: at narito, Ako’y sumasainyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan.



DIYOS at mga anak



Anim

Mag CrossCheck ka!

Sa unang bahagi ng babasahing ito nakita natin ang istorya ng Mabuting Balita mula sa Diyos. Ngunit nais malaman ng karamihan sa inyo kung nasaan na ba sila sa istorya ng Mabuting Balita mula sa Diyos. Kung nais mong malaman ito, may simpleng listahan na makatutulong.

Ang mga sumusunod na pahina ay makatutulong sa iyong mag-isip sa pamamagitan ng ilang hakbangin.

Tanggapin

Maniwala

Isaalang-alang

Gawin

Magsisi

Tumanggap

Tanggapin

Tanggapin - Kahon 1 & 2

Kahon 1

Tinatanggap mo ba na:

- Ang Diyos ang hari.
- Ang Diyos ang lumikha ng lahat ng bagay.
- Ang Diyos ang lumikha sa lalaki at babae upang mangasiwa sa mga nilikha niya sa mundo.
- Noong nilikha ng Diyos ang tao ito ay may maayos na ugnayan sa Kanya.

Kahon 2

Tinatanggap mo ba na:

- Ang Diyos ay may karapatang gumawa ng panuntunan.
- Ang pagiging makasarili at kasalanan ay umiiral.
- Ang kasalanan ang hadlang sa pakikipagkaibigan natin sa Diyos.
- Ang kasalanan ay pagsuway laban sa pamumuno ng Diyos.
- Nais patakbuhan ng tao ang kanyang buhay.
- Makatuwiran na ang pagsuway ay dapat lamang na panagutan.
- Hahatulan ng Diyos ang mga sumusuway sa Kanya.

Kung sumasangayon ka, lagyan ng tsek ang kahon na ito:

Tanggapin

Maniwala


Isaalang-alang

Gawin

Magsisi

Tumanggap

1



2

KASALANAN



Maniwala

Maniwala - Kahon 3 & 4

Kahon 3

Naniniwala ka ba na:

- Mahal ng Diyos ang lahat ng kanyang nilikha
- Nais iligtas nang Diyos ang lahat ng tao mula sa pagsuway at ang bunga na dulot nito.
- Si Kristo Hesus ay Diyos.
- Namuhay sa mundo si Hesus.
- Namatay ang pisikal na katawan ni Hesus sa krus.
- Namatay si Hesus para sa kabayaran ng kasalanan ng lahat.

Kahon 4

Naniniwala ka ba na:

- Si Hesus ay muling nabuhay.
- Posibleng magkaroon ng tunay na pakikipagkaibigan sa Diyos.
- Ang nais ng Diyos ay mamuhay ang tao para sa Kanya at hindi para sa sarili.
- Ang tao ay nais mamuhay para sa sarili lamang, sa kabila ng ginawa ni Hesus para sa kanila.
- Nais ng Diyos na magsisi at mamuhay ang lahat para sa Kanya.

Kung sumasangayon ka, lagyan ng tsek ang kahon na ito:

Tanggapin


Maniwala

Isaalang-alang

Gawin

Magsisi

Tumanggap



Isaalang-alang

Isaalang-alang - ang pagtanggap ng iyong korona

Pinagisipan mo na ba na ang ibig sabihin ng pagtanggap ng iyong korona ay:

- Pagtanggap sa Diyos bilang hari.
- Pag-amin sa iyong nakaraang kasalanan
- Pagpapasakop sa kapangyarihan ng Diyos.
- Piling pamumuhay sang-ayon sa kalooban ng Diyos.
- Pagpili na hindi na mananatili sa kasalanan.

Tanggapin

Maniwala

Isaalang-alang

Gawin

Magsisi

Tumanggap

Kung sumasangayon ka, lagyan ng tsek ang kahon na ito:

Gawin

Magsisi Tumanggap

Kahon 5

Ikaw ba ay:

- Nakarinig na ng katok ni Jesus sa pintuan ng iyong puso
- Nagbukas na ng pintuan para kay Hesus
- Tumanggap na kay Hesus
- Pumayag na na linisin ni Hesus
- Nagsimula nang makipagkasundo sa Banal na Espiritu sa pagbabagong buhay

Kung nilagyan mo ng tsek itong listahan at sumangayon ka, maaring si Hesus ay iyong Panginoon at tagapagligtas at personal na kaibigan mo.

Kung hindi mo pa siya tinatangap, tignan ang sususnod na pahina!

Kung sumasangayon ka, lagyan ng tsek ang kahon na ito:

Tanggapin

Maniwala

Isaalang-alang

Gawin

Magsisi

Tumanggap

5



Ang Desisyon

- ang desisyon na dapat gawin

Kung alam mong kumakatok si Hesus sa pintuan ng iyong puso, at handa mong ibaba ang iyong korona at tanggapin siya sa buhay mo, ito na ang oras para imbitahan mo Siya.

Maaring makatulong ang panalanging ito:

Panginoong Diyos,

Marami akong nagawang kasalanan, ngunit hindi ko naisip na ako ay sumusuway sa Inyo.

Nalalaman ko na ngayon na ako ay sumusuway sa Inyo.

Nais ko pong manghingi ng patawad.

Naniniwala po ako na binayaran ni Hesus ang aking kasalanan dahil sa kamatayan Niya sa krus.

Sa iyo, Hesus, nais ko nang ibaba ang aking korona.

Pumasok po kayo sa aking puso upang ang Banal na Espiritu ay makasama ko magpakailanman.

Nais kong magawa ang mga bagay na nagbibigay lugod sa Iyo.

Sasangayon ako at tatanggapin ko po ang Iyong tulong upang ako ay gumawa ng tama.

Pumasok po kayo sa aking buhay ngayon, sa pangalan ni Hesus.

Amen.

Kung ikaw ay nagsisi sa iyong mga kasalanan, at si Hesus ay iyong tinanggap na sa iyong buhay:

SIYA AY NASA IYO!

At ito ay **PANGAKO**

Isang bagay pa, bago tayo magtapos – magsabi ka sa isang Kristiyano na ikaw ay kasama na sa pamilya ng Diyos!

Mag email sa info@crosscheck.org.uk kung nais mong maliwanagan pa kung papaano pamumuhay ang tunay na Kristiyano at bagong tagasunod kay Kristo. Kristiyano (ang nagtitiwala kay Hesus)!



- ▶ LEARN TO UNDERSTAND THE BIBLE
- ▶ LEARN TO APPLY THE BIBLE
- ▶ LEARN TO LIVE THE BIBLE DAILY
- ▶ LEARN TO HELP OTHERS

beaconlight.co.uk






A free, unique, expository
devotional email

read in over 190
countries

Let the Bible motivate
your working day!

wordatwork.org.uk





Tanggapin
Maniwala
Isaalang-alang
Gawin Magsisi...
Tumanggap...

